# Magasin ng BAGONG Buhay


Linggo, Marso 18, 1951




**BELLA FLORES**
ng
**SAMPAGUITA PICTURES**

Hinangaan ng madla sa katangitanging pagkakaganap ng maselang papel sa "ROBERTA". Muli siyang mapapanood sa "BERNARDO CARPIO" ng nabanggit na samahan.

# Subukin ang bisa ng Sabong PMC LUTO!





## Ang Pagluluto'y Nakalilibang

**ni PURITA**

Naririto ang nagsipanalo noong isang linggo sa patimpalak ng Purico ukol sa pagkakaloob ng mahahalagang kaalaman sa pagluluto:

Ang nilagang luya na tinimplahan ng asukal at kaunting gatas ay isang masarap na inuming maaaring pamalit sa kape o tsokolate. — Bb. Elisa C. Manalo, Panggasinan Pro. High School, Lingayen, Pangasinan.

Sa pagtitimpla ng gatas na pulbos, ilagay muna ang kailangang dami ng asukal at saka busan ng kaunting mainit na tubig. Batihing mabuti. Madaling matutunaw ang gatas at mawawala ang pagbubutil-butil. — Bb. Ana V. Planas. Cebu City, c/o RFC, Cebu City.

Pakuluan muna ang mamatamising santol bago talupan. Ibabad magdamag sa hugasbigas upang huwag pumula. — Bb. Leonidas Afalla, 258-8 San Andres, Malate, Maynila.

Sa pag-iimbak ng minatamis na bungang-kahoy, pag-ingatang huwag lumapot na mabuti ang arnibal.. Ang malapot na arnibal ay nagpapalabas ng katas ng bungang-kahoy kaya't mahirap lutuin. — Gng. Magdalena T. Ola, Iba, Zambales.


Upang masukat na mabuti ang arnibal o pulot, pahiran ng mantikang Purico ang tabi ng tasang sukatan. Sa ganito'y hindi maninikit ang arnibal sa mga tabi. — Cecile Felipe, c/o Abugado Ramon Felipe, Naga City.

Ang mga gulamang-dagat (mayaman sa ayodin) ay lalong sasarap kung ilulubog sa suka at pampalasa nang sandali lamang. Nawawala ang kasariwaan nito pag nababad nang matagal sa suka. Bb. Romana L. de la Cruz, 842 Oroquieta, Sta. Cruz, Maynila.

Upang subukin ang tigas ng kending inyong ginagawa, patuluin ang arnibal sa isang baso ng malamig na tubig. Ang tigas o lambot ng bola ng matamis na mabubuo ang siya ninyong mapagbabatayan sa gagawing kendi. — Concepcion R. Mojica, Indang, Cavite.

Ito ang nagkamit ng Sampung Pisong Gantimpala ng Purico. Sa pagluluto ng halayang ube [illegible] Star Margarine [illegible] nasa kawali. Lalong sasarap kapag [illegible] mantekilya ang ilalagay. —Trinidad A. Nario, 20 South 9th St. Sampalok Ave Quezon City

## Binabaril Ang Mga Ibon Alang-alang Daw Sa Kapayapaan . . .!




**Nalathala kamakailan sa lingguhang "Candido," Roma, Italya**






**"Ibig Mong Sumakay?"**


Nalathala sa "Dallas Morning News", Texas, Estados Unidos. Inilalarawan ang isang kawal na komunista na nakasakay sa isang tangke at inaakit ang Alemanya na sumama sa kanyang makidigma sa panig ng Sobyet.



# Nang Dumalaw Sa West Point Si Kom. Hen. Mariano Castañeda...



Sina Heneral Mariano Castañeda, Kom. Hen. Frederick A. Irving, Ten. Kor. T. L. Fisher, II ay tila may mahalagang bagay na pinag-uusapan samantalang nagsisiinom ng kape. Kuha ang larawan nang dumalaw sa West Point ang Pinuno ng Hukbong Pilipino.



Nang dumalaw sa West Point si Hen. Mariano Castañeda, ay nakatagpo niya ang apat na kadeteng pilipino na nag-aaral sa Akademya Militar. Sa larawan ay makikitang tila may sinasabing pabiro ang Heneral na siyang ikinangingiti ng mga kaharap na sina (mula sa kaliwa) Kadete Florentino F. Magsino, Lope B. Rimando, Gregorio R. Vigilar, Kom. Hen. Castañeda, Kongresista Jose Feliciano at kadeteT. P. Sanches.

## ni Kapt. Moises Buhain

**(Punong Ayudante ni Hen. Castañeda)**


SI KOMANDANTE HENERAL MARIANO CASTAÑEDA, pinuno ng Estado Mayor ng Hukbong Pilipino, ay dumalaw kamakailan sa West Point, Estados Unidos, bilang panauhin ni Kor. Hen. Frederick A. Irving. Si Hen. Castañeda ay sinamahan ni Tenyente Koronel Manuel Sallentes, kasanggunl ng Embahada ng Pilipinas sa Estados Unidos, Kumandante Cesar Jimenes, Kapitan Moises Buhain, at Kongresista Jose Feliciano.

Sina Heneral Castañeda ay sinalubong sa Bear Mountain Inn ni Koronel Robert Schellman na siyang tumayong abay na upisyal ng dumalaw na pinunong pilipino. Ang pangkat ay nagtuloy sa West Point at doo'y sinalubong naman sila ni Heneral Irving, sa Thayer Gate. Bilang pagpupugay sa dumating na pinuno ng Hukbong Pilipino, sina Heneral Castañeda ay sinalubong ng 17 putok ng kanyon.

Pagkatapos ng ginanap na mga seremonya si Hen. Castañeda ay naglibot sa Akademya Militar ng Estados Unidos. Dinalaw niya ang ilang mahahalagang pook at pinanood din ang mga klase sa kastila at ruso ng mga kadete. Ang paglilibot ng Heneral ay dumako hanggang sa pagdalaw niya sa Bulwagang Kainan ng mga Kadete, sa Aklatan sa "Cullum Memorial Hall" at sa Kapilya ng mga Kadete at Katoliko.

Pagkatapos masiyahan sa paglilibot at sa mga namalas sa Akademya militar, si Hen. Castañeda, ang mga kadeteng pilipino at ang bumubuo ng Brigada ng mga Kadete ay nagkaharap-harap sa isang masayang salusalo...

Nang lumisan ang dumalaw na pangkat ay muli silang pinagpugayan ng 17 putok ng kanyon.




Nang magdaan sa Honolulu, patungong Estados Unidos, si Kom Hen. Castañeda at ang kanyang mga kasama. Nakunan sila ng larawan sa loob ng pabrika ng Hawaiian Pineapple Company. Mula sa kaliwa: Konsul Heneral Manuel A. Alzate ng Pilipinas, Heneral Castañeda, C.C. Dagan, pangalawang pangulo ng HPC, Kongresista Jose Feliciano at Kapt. Moises Buhain.



**SIKLAB NA PANGWASAK** — Ang apoy at usok ay sumasambulat samantalang ang mga bombang panunog ni "Uncle Sam" ay bumabagsak sa pook na layunin buhat sa USAF B-26. Ang sa malas ay tila goma ng auto (itinuturo ng palaso) ay takip na nagkukubli sa mga kaha ng parakaida na naghuhulog ng bomba sa marahang pagbagsak at siyang nakatutulong sa mga aeroplano upang magkaroon ng panahong makaiwas... (INP).

## Mahahalagang Sandatang Pandigma Ng E.U.

**"PANANGGOL NG KALAYAAN"** — Nang subukin, hindi pa nalalaunan, ang lakas at kapangyarihan ng "Bumper," isang makabagong "rocket" ng Estados Unidos na may kakabit na "V 2" na nakalilipad nang 3,600 milya sa isang oras. Ayon sa may likha at sa lahat ng nakasaksi sa mahalagang pagsubok na naging isang "ganap na tagumpay", ang bagong sandatang pandigmang ito ay isang mabisang pamuksa sa kaaway at "pananggol ng kalayaan." (INP Soundphoto.)




# Alam ba ninyo?



Sa matandang Græsya, ang mababangis na toro ay pinakawawalan sa Arena at sinasagupa ng mga walang labang alipin upang papanabikin ang mga nanonood.
Ngayon, ang pakikipaglaban sa toro ay hindi isa lamang mapanganib na libangan kundi isa nang mataas na uri ng laro (laluna sa mga bansang latino), na ang isang iglap ay maaaring mangahulugan ng BUHAY O KAMATAYAN ng isang matador!



"ART LARSEN" Style championship tennis shoes

Ang mga laro ay mahirap mapagwagihan sá pamamágitan l a m a n g ng kakayahan at kasigluhán. Malimit na ang pagkuha ng tumpak na sandali o "t i e m p o" ay nagdudulot ng panghuling-sandaling tagumpay sa isang halos tiyak nang katalunan.
Para diyan sa maikling saglit na pagtutumpak ng oras, na siyáng malimit magbigay ng tagumpay sa laro, magsuot ng gomang sapatos na niyari upang matagalan ang pinakamarahás at maselang paggamit. Hingin ang mga bagong modelong JACINTO!

Jacinto RUBBER & PLASTICS CO., INC.

5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal
Tel. 2-67-67

# . . . Patungo Sa "Lupang Pangako"

ANG MASISIPAG NA MAMAMAYAN, lalung-lalo na ang mga dukhang walang sukat pagkunan ng ikabubuhay, ay binigyan ng pagkakataon ng pamahalaan na makapag-ari ng sariling lupa sa Mindanaw upang makapagtayo ng matatag na sandigan ng kanilang kabuhayan. Ang bawa't mag-anak ay makapag-aari ng 10 ektaryang lupa na mabubungkal at mapagpapasimulan ng kanilang magandang kinabukasan. Sa larawan sa kanan ay makikita ang bahagi ng 36 na mag-anak na siyang unang pinagkalooban ng magandang pagkakataon, samantalang masasayang nagsisilulan sa bapor na maghahatid sa kanila sa Koronadal Valley, Kotabato. ►





◄ MAGING ANG KANILANG MGA KALABAW, kariton at kareta ay dala rin ñg mga magbubukid sa kanilang pagtungo sa "Lupang Pangako." Sa pamamagitan ng mga hayop na iyang makakatulong nila sa paglilinang ng lupa, ay nangakatingin sila sa isang maningning na hinaharap na malaon na nilang pinapangarap marating alang-alang sa kanilang mga supling!

SA LOOB NG SASAKYANG-DAGAT na maghahatid sa kanila sa lupain ng kasaganaan ay halos walang malamang tayuan ang mga magsasaka. Marami ang nag-umpuk-umpok na lamang sa isang tabi samantalang ang iba ay nangangalaga at nagsisinop sa kanikanilang ari-arian. ►





◄ ANG PINAKABATANG NAKASAMA SA PAGLALAYAG ng nagsisilisang magbubukid ay isang sanggol na bininyagang "Marina" na isinilang sa loob ng naglalayag na bapor noong ika-2 ng Marso. Makikita ang sanggol sa piling ng ina, samantalang nangakapaligid ang ibang kaanak at ang mga Pinuno ng Kagalingang Pambayan na siyang nangangalaga sa kanilang kalusugan.

# "Ipinangangako Ko..."

**Kuwento ni ANTONIO ABLAZA**

MAGBUHAT nang matutong magsabong si Mang Bestre ay malaki ang ipinagbago. Hindi na paris ng dating mapagmahal at mapag-alaala sa asawa't mga anak. Kung dumarating buhat sa pinapasukang pagawaang pinagkakakitaan ng kaunting halagang naipagtatawid-buhay nilang mag-anak ay bahagya nang mapag-ukulan ng pansin ang naghihintay na mga karugtong ng buhay. Walang unang itinatanong kundi ang kanyang bulik na tinali... kung napatuka na... kung masigla... kung hindi sinabong ng ibang manok na kawala... at kung anu-ano pa. Maanong mausisang baka hindi pa kumakain ang kanyang mga anak na maliliit. Maanong maitanong kung saan kumuha ng pambili ng ulam ang kanyang maybahay na si Aling Sepa, lalupa't kung umaalis siyang wala namang iniiwang perang panggastos ng kanyang pamilya.

Malaki na nga ang ipinagbago ni Mang Bestre. Hindi na ang dating huwarang ama ng tahanan.

Lihim na nagdurusa ang kalooban ni Aling Sepa, subali't wala naman siyang magawang anumang hakbang upang ipakilala sa asawa ang tila pagkalimot nito sa pananagutan.

— Sa awa ng Diyos ay darating din ang araw na siya'y magbabago... — ang madalas maibulong na lamang ng babai.

Isang hapon ay maagang umuwi ng bahay si Mang Bestre. Pagdating ay tinawag kaagad si Aling Sepa.

—Sepa, may pintakasi bukas sa Santa Ana. Isasabong ko ang manok natin. Pihong mananalo pagka't sa tingin ko'y nasa kondisyon, — wika ni Mang Bestre.

— Sabong nanaman. Ni makain natin ay wala, e...

— Kaya nga ilalaban ko bukas ang aking bulik! Pihong magkakakuwalta tayo, — ani Mang Bestre.

— Pero saan ka kukuha ng salaping mapupuhunan? — tanong ni Aling Sepa. — Saka, kahi't na meron ay kailangang itong bituka muna natin ang alalahanin mo. Aba, baka hindi mo nalalaman kung saan nanggaling ang tinanghalian namin ng mga anak mo? Sinandali ko lamang sa kumareng Lilay. Alam mo namang wala kang iniwan kahi't isang kusing...!

— Si Sepa naman... parang sinusumbatan pa ako. E, papano ang gagawin ko, alam mo rin namang inaalat tayo ngayon. Kaya nga ba lagi akong nakakaisip na makipagsapalaran. Baka 'ikako diyan tayo magkasuwerte.

— Magkasuwerte... kaya pala halos kalahati ng kakapurit mong kinikita ay natatalo pang lahat diyan sa sabong na 'yan! —Napalabi pa si Aling Sepa at inirapan ang asawa.

— Talagang ganyan lang, Sepa. Pag kambiyo naman ng kapalaran ay bawi't bunot tayo. —Hinimas-himas ni Mang Bestre ang kabyak. — Sigi na, Sepa. magsasabong ako bukas. Bigyan mo 'ko ng puhunan.

— E, saan nga ako kukuha?

— Sa alkansiya natin. Butasin mo.

— Aba, aba, iyan ang hindi ko magagawa. Nagtitiis na nga kaming halos sumala sa oras upang huwag iyong magalaw e, ngayo'y ipagsasabong mo lang. Alam mo namang iyon ay inilalaan natin sa biglaang pangangailangan.

Sa kahihimas at kalalangis ni Mang Bestre, ay napilitan ding sumunod si Aling Sepa sa nais ng asawa...

---

At kinabukasan nga, palibhasa'y araw noon ng Linggo, ay maagang lumakad si Mang Bestre. Dala ang kanyang bulik at ang labinlimang pisong barya na kung may ilang buwan ding inihulug-hulog sa alkansiya ng kanyang asawa't mga anak.

—Pagdating ko'y humanda kayo... magpipista tayo, —masayang wika pa ni Mang Bestre bago tuluyang nanaog.

Malayo na si Mang Bestre nang may maalaala si Aling Sepa. Dahil sa kalalangis sa kanya ni Mang Bestre ay naibigay nga pala niyang lahat ang laman ng alkansiya. Nalimutan niyang magtira ng kahi't kaunting halagang pambili nila ng kakanin sa araw na iyon. Ibig niyang habulin nguni't wala na't nakasakay na sa jeep. Napabuntung-hininga na lamang si Aling Sepa at parang wala sa loob na nakapa ang bulsa ng kanyang saya. Nakasalat siya ng diyes sentimos...

---

Kiling na ang araw nang mamataan ni Aling Sepa na dumarating si Mang Bestre. Ang kanilang tatlong maliliit na anak ay nangakatalungko sa tabi ng pintuan at tila hinihintay din ang ama. Mahina ang lakad ni Mang Bestre at sa wari'y malatang-malata ang katawan. Tumatahip ang dibdib na sumalubong sa hagdanan si Aling Sepa...

—Ano, kumusta ang lakad...? —unang bati ng babai.

Hindi sumagot si Mang Bestre. Sinulyapan ang tatlong anak at tuluy-tuloy sa kusina.

Sinundan ni Aling Sepa ang asawa, at nakita niyang nagbubukas ng palayok.

—Ano ang hinahanap mo, Bestre? Kung pagkain ang dinudukot mo ay wala. Ni hindi nga kami nananghalian nitong mga anak mo, e. Bumili lang kami ng diyes na tinapay at siya naming pinaghati-hatian. —Halos matulo ang luha ni Aling Sepa habang nagsasalita.— Ikaw nga itong hinihintay namin kanina pa. Umaasa kaming may dala kang pagkain... saka kuwalta.

Hindi makatingin si Mang Bestre sa kabyak. Nakatungong parang natuka ng ahas.

—Bakit, ano ba ang nangyari sa bulik mo... natin?

—E... e minalas! Isang ta-

(Buklatin sa pahina 12)

**INILALARAWAN NG KUWENTONG ITO ANG BUHAY NG ISANG DUKHANG SABUNGERO, NA SA HALIP MAKAAHON SA PAGHIHIKAHOS AY LALONG NABAON SA PAGDARALITA**

# *Si PAT. MARIANO*
## *Manunulat at Mandudula*

**Sinulat ni J. R. DE LEON**

MASASABI nang walang pasubali na ang kasaysayan ng alin mang mahalagang sangay ng Panitikang Pilipino ay hindi magiging ganap kung hindi isasama ang pangalan ng isa sa mga luwalhati ng Wikang Tagalog: Patricio Mariano at Geronimo. Gayundin, hindi kasiya-siyang mababalikan ng paningin ang kapanahunan ng **Aklatang Bayan** at **Akademya ng Wikang Tagalog** kung hindi gugunitain ang isa sa mga kasaping nagbigay sa alinman sa dalawa ng sigla at buhay, at... ng karangalan: si Tisyo, ang manunulat at mandudula.

Si Tisyo o Pat ay isang tauhang gumagalaw sa alin mang pagtitipon, maging ng mga kapatid sa panulat o ng mangagkakaibigan. Mapanudyo at mapagpatawa, siya'y kinagigiliwan ng marami at minamahal ng mga kasama sa pasulatan at sa mga kapisanan. At ang kanyang mga pagpapatawa at panunudyo ay madalas na nasisinag sa kanyang mga akda, bagaman bilang makata, siya'y mapangarapin at maramdamin.

Samantalang nag-aaral sa Ateneo de Manila, si Tisyo ay nagpamalas na ng katalinuhan. Siya'y kinilalang isang mabuting mananalumpati noon. Pagkatapos niya ng **tenedoria de libros**, siya'y napahilig na sa pagsusulat. Siya'y naging katulong sa iba't ibang pahayagang katulad ng **Ang Paggawa, Lunas ng Bayan, Katwiran,** at **Kaibigan ng Bayan.** Siya'y naging manunulat at mambubuhay-Maynila sa **Muling Pagsilang, Taliba** at dahong tagalog ng **Renasimiento Filipino,** at patnugot ng **Ilaw ng Bayan.** Siya'y nagsulat din sa ilang pahayagan sa wikang Kastila.

Bukod sa pagka-mamamahayag, si Tisyo ay kuwentista. Sinasabing siya ang unang naghawan ng landasin ng maikling katha. Sa mga unang taon ng pananakop dito ng Amerika, ipinalimbag niya ang mga kuwentong **Sumpa Kita** at **Dalawang Puso sa Liwanag ng Buwan:** at pagkatapos, ang **Si Juan Masili.** Itong huli ang siyang pinakakilala sa lahat.

Siya'y sumulat din ng mga nobela. Ang una ay pinamagatang **Tala sa Panghulo** at ang ikalawa'y **Ubod ng Isang Bulaklak.** Ang una ay siyang lalong bantog at kinagiliwan ng madla.

Si Tisyo ay isang mabuting makata rin. Marami ang nasulat niyang tula. Kabilang sa mainam ang **Hatinggabi.** Ang **Mga Anak-Dalita** ay isang mahabang tulang pasalaysay. Noong Nobyembre ng 1912, siya'y naghandog ng isang marikit na tula kay Andres Bonifacio. Sipiin natin ang isang saknong:

Lumuwalhati ka,
bunying matangkakal
na sa inyong lahi
ay nagbigay buhay!

> **ISINILANG NOONG IKA-17 NG MARSO NG TAONG 1878, SI G. PATRICIO MARIANO AY MABILIS NA PUMAILANGLANG SA LANGIT NG PANULATANG SARILI AT KINILALANG ISA SA MGA LUWALHATI NG WIKANG TAGALOG. BAGAMA'T NAMATAY NA ISANG DUKHA, ANG MARAMI SA KANYANG MGA AKDA AY ITINUTURING NA YAMAN NG PANITIKAN NA DI NA MALILIMOT NG MADLA.**

Lumuwalhati ka,
bunying Katipunang
nakapagbabangon
sa liping lupaypay!
Lumuwalhati ka!
Sa iyong paanan,
ngayo'y nagsusuob
ng mga kamanyang
ang Bayan mong dati'y
alipi't marumal,
datapwa't sa ngayo'y
may puri, may dangal!

Siya'y nagsalin sa Tagalog ng tatlong aklat na nasusulat sa wikang Kastila: **Noli Me Tangere** at **El Filibusterismo** ni Dr. Jose Rizal; at **Mga Lihim ng Pakumpisalan.** Ang pagkakasalin ng dalawang unang aklat ay binigyan ng gantimpala ng pamahalaan. Ang saling iyon ay naging patnubay at saligan ng sumunod na iba pang mga salin sa Tagalog. Naghanda rin siya ng isang Talatinigang Tagalog, nguni't ito'y hindi natapos.

Gayunman, si Tisyo ay di-gaanong napabantog sa mga sangay ng panitikang kababanggit pa, na gaya ng kanyang pagkamandudula. Sa palagay ng karamihan, siya ang pangunahing mandudula sa Tagalog, hindi lamang dahil sa dami ng dulang nasulat niya (mahigit umano sa anim-na-pu) kundi lalo na sa uring taglay nila. Ang ilan sa mga dula niya ay ang mga sumusunod: **Sampagita** (3 yugto) **Deni** (3 yugto), **Silanganan** (nagtamo ng unang gantimpala), **Ang Pakakak** (komedyang may isang yugto, unang gantimpala), **Luha't Dugo** (1 yugto), **Lihim at Pag-ibig** (sarsuwela, 1 yugto,) **Ako'y Iyo Rin** (1 yugto), **Tulisan** (4 yugto) **Ang Dalawang Pag-ibig** (2 yugto), **Lakambini** (4 yugto), **Dahil sa Watawat** (4 yugto), at **Anak ng Dagat.**

Ang **Anak ng Dagat** ay siyang itinuturing na akdangguro ni Tisyo. Ang palagay na iyan, ayon kay Dr. Eufronio M. Alip, ay sinasang-ayunan ng mga mamumuna. Narito ang buod ng dula:

Panahon ng digmaan ng mga pilipino at amerikano noon. May isang mayamang magniniyog sa Tayabas na may asawa at isang anak na babaing may apat na taong gulang. Siya'y inutusan ng komandante heneral ng Hukbong Pilipinong Naghihimagsik na magtungo sa kuwartel ng mga manghihimagsik sa San Isidro, Nuweba Esiha upang dalhin ang kuwaltang nalikom sa lalawigan ng Tayabas. Binagtas niya ang kabundukan, mga ilog, mahihirap na daanan at talabis upang hindi siya mapansin at mahuli ng mga amerikano. Siya'y nakarating sa kuwartel. Siya'y agad hinirang na heneral ng hukbo kaya't hindi na niya nakuhang magbalik sa Tayabas upang ibalita iyon sa asawa. Dumaan ang mga araw at linggo ng pagkainip ng naiwan. Ipinasiya nito sa huli ang pagsunod sa kanyang tao sa kuwartel. Bangka ang ginamit ng mag-ina. Nang sila'y malayo na sa baybayin ng Tundo, Maynila, bumagyo nang malakas at ang kanilang bangka ay lumubog. Ang ina ay nalunod, at sa kung anong himala ng Diyos, ang batang babae ay naligtas.

Siya'y natuklasan ng isang mangingisdang naninirahan sa baybay-dagat. Siya'y lumaki't nagdalaga sa kandili ng nakapulot. Siya'y nagbukas ng tindahan sa malapit sa kanyang tahanan. Maraming binata ang dumadalaw sa kanya. Isa sa kanila ay mamamahayag, maganda at makisig. Ito'y napusuan ng dalaga, gayundin ng ama-amahan. Ang dalawa5y nagibigan.

Samantala, ang digmaan ay natapos. Ang ama ng dalaga ay nagbalik sa Tayabas. Wala siyang natagpuan sa pamamahay. Ni hindi niya nabalitaan kung nasaan ang kanyang pamilya. Nahiwatigan lamang niya na ang mag-ina ay sumakay sa bangka sa baybaying kanluran ng Luson. Pagkaraan ng may labindalawang taong paghahanap buhat nang sila'y magkahiwalay, may taong nagsalaysay isang araw sa ama, ng kasaysayan ng isang dalagang nagtitinda sa isang pook. Nang siya'y dumating doon, ang mag-ama ay madaling nagkakilala. Dinala ng ama ang anak sa kanyang malaking tahanan sa Maynila.

Hindi nagtagal at sinabi ng ama sa anak na inayos na niya ang pagkakasal nito sa anak na binata ng kanyang kaibigang milyonaryo. Nagtapat ang dalaga na siya'y may ibang iniibig, ngu-

(Buklatin sa pahina 12)

# SA LIKOD NG PUTING-TABING

*nina* L. S. MANABAT *at* E. V. RAÑOLA

Magandang balita! Ang LVN Pictures ay nagbukas kamakailan ng isang timpalak para sa mga manunulat na mahilig makipagsapalaran. Ang awiting "Umaga Na, Neneng" ay aangkupan ng isang magandang kuwentong pampelikula, at ang sinumang makapagdala ng pinakamarikit na balangkas o "plot" ukol sa naturang awitin ay pagkakalooban ng isang unang gantimpalang P100, ikalawang gantimpalang P50, at ikatlong gantimpalang P25. Ang isasapelikulang awit na likha ni Propesor Santiago Suares ay pamamahalaan ni Lou Salvador.

Ibinalitang muli ng LVN na malapit nang matapos ang pagsasapelikula ng David at Goliath" na pinamamahalaan ni Nemesio Caravana. Gaya ng naibalita na naming minsan, na sa isang tagpo sa panooring ito ay kumain si Lou Salvador (sa papel na Goliath) ng dalawang malalaking pan-amerikanong nagkakahalaga ng mahigit na dalawampung piso, ang isa pang bagay na mahirap matalos kung paano naisagawa ng direktor ay ang paglaki ni Lou Salvador na tulad ng isang tunay na higante. Maliwanag na makikita sa pelikula ang kanyang laki at taas at sinuma'y hindi makapagpapaliwanag kung paano iyon naisagawa nang buong linis at talino. Ang "David at Goliath" ay pinangungunahan nina Armando Goyena at Tessie Quintana.

Sumira ng lahat ng rekord sa takilya ang "Roberta" ng Sampaguita! Simula sa unang araw ng pagtatanghal nito sa Life, hanggang sa kasalukuyang inilipat ang pagtatanghal sa Dulaang Clover, ay dinadagsaan ng maraming taong nagnanais makapanood. Ang lahat ay nagpuring gayon na lamang kay Tessie Agana dahil sa katangitangi at kahangahangang pagkakaganap nito sa tinupad na mahalagang papel. Hinangaan din si Boy Alano at lahat ay nagsabing siya'y isang malaking tuklas ng Sampaguita Pictures.



**Ang marilag na si Alicia Vergel ay kinikilalang isang "panganib" sa esgrima na nagpasuko ng maraming lalaki, gaya ng pinatutunayan sa larawan na isang tagpo sa "DUGONG BUGHAW" ng Sampaguita.**

Ang "Dugong Bughaw" ay malapit nang dumating sa inyong dulaan. Kung paano nananabik ang lahat na ito'y mapanood, ibayong pananabik ang tatamuhin ng madla kung ito'y pinanonood na sa putingtabing. Sa pelikulang ito'y nakamit ni Alicia Vergel ang ganap na pagpapatibay ng mga pinuno at direktor ng Sampaguita upang siya'y ibilang sa mga pangunahing bituin sa arinong gumagalaw. Maging si Oscar Moreno na katambal ni Alice ay muli ring kalulugdan ng balana sa kanyang mahusay na pagkakadala ng ginampanang papel sa panooring ito.


Minamadali na rin ng Sampaguita ang pagsasapelikula ng "Bernardo Carpio" upang maihandog sa madla sa lalong madaling panahon. Sinulat ni Dr. Fausto Galauran at tinatampukan nina Alicia Vergel at Cesar Ramirez, ito'y inaasahang magiging isa pang "hit" ng taon!

Nagiging mabilis ang pagsasalin sa puting-tabing ng "Kadakilaan" ng Premiere, na sa kasalukuya'y maririnig arawaraw sa bantog na palatuntunan sa radyo ng "Mayon Oil." Pinamamahalaan ni Consuelo P. Osorio, at tinatampukan ni Anita Linda, inaasahang mapapanood na ito ng bayan sa mga ilang araw na haharapin.

Ang "Santa Cristina" ay malapit na ring napanood. Isa sa mga "obra maestra" ni Direktor Eduardo de Castro, ang pelikulang ito'y tiyak na kalulugdan ng badla at maidaragdag sa mahaba nang talaan ng tagumpay ng samahan.




**Isang kahilihiling tagpo ng romansa sa "BABAE! BABAE! AT BABAE Pa!" ng Lebran. Makikita sina Carmen Rosales at Robert Neil sa isang matamis na sandali ng pag-uulayaw, samantalang tila buong pangingimbulong nangakatingin ang apat na dalagang hawayana.**



Tagpo sa "ROSARIO CANTADA" ng Royal Productions na pinamamahalaan ni Paquito Bolero. Ano kaya ang pinagpapakuan ng mga tingin nina Rosa del Rosario, Erlinda Cortes at Lita Rio...?




Kuha sa "VENUS" ng LVN na tinatampukan ni Lilia Dizon at pinamamahalaan ni Manuel Silos. Mahulaan kaya ninyo kung sino ang tutudlain ñg dalawang pusong nagmamahalan?



Sina Nena Cardenas at Arturo Lerma... sa "DIEGO SILANG" ng Premiere. Pinangungunahan nina Leila Morena at Jose Padilla, Jr., sa pamamahala ni Gerardo de Leon.



## Magsisipamahala sa "Magat Bayani"



**Isang magandang pelikulang pinamagatang "MAGAT BAYANI," ang pagtutulungang pamahalaan ng dalawang nakalarawan sa itaas, sina Juan B. Urbano, tagapamahalang pangkalahatan ng ALUMBRA SUPER PRODUCTION at ng makata at nobelistang Catalino V. Flores. Ang "MAGAT BAYANI" ay hinango ng makatang Flores sa nobelang tulang "LAGALAG NA TALISUYO," na lumabas sa Liwayway noong bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sinulat nang dugtungan nina Gregorio C. Coching at Catalino V. Flores. Ang "MAGAT BAYANI" ay tumutukoy sa buhay, pag-ibig at pakikipagsapalaran ng mga pilipino nang panahong hindi pa napapasok ng alin mang banyaga itong Pilipinas. Ngayon pa lamang ay maipagkakapuri nang ipahayag ng Alumbra Super Production ang pelikulang ito na tinitiyak na magiging katangi-tangi, sapagka't isang may malawak nang karanasan sa pelikula, si G. Urbano, at isang kinikilalang batikang nobelista at makata, si G. Flores, ang magtutulong sa pamamahala.**

## Nang Magdaan Ang Daluyong

**(Karugtong ng nasa pahina 9)**

nakaraang buwan sa ilalim ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 23 na inilagda ng Pangulong Vargas.

"Ang paglikha ng lupon kasunod ng pagtatatag sa isang kawanihan ng hanapbuhay upang mangasiwa sa mga suliranin sa paggawa sa ilalim ng Kagawarang Panloob, ay ipinasiya dahil sa kahalagahan ng tungkuling ginagampanan ng paggawa sa pagbabagong-buhay ng bansa sa kamayanan at sa kabuhayan sa ilalim ng kasalukuyang mga pangyayari at sa pagsasaalang-alang sa maraming suliraning may kinalaman sa paggawa at desempleo.

"Nililiwnag sa kautusan na ang pangunang tungkulin ng lupon ay pag-aralan at itagubilin sa Komisionado ng Pangloob ang mga paraan at dapat gawin sa paglutas sa mga suliranin ukol sa paggawa at desempleo. Ang pagtatatag ng lupon at ang paraan kung paanong magagampanan nito ang kanyang mga tungkulin ay pasisiyahan ng Komisionado ng Panloob."

**SALING-PUSA**

Ang sambitlaing ito na karaniwan nang gamit ng mga bata sa kanilang palaruan kung may nakakasali nang pabiro, ay tila siyang lalong tumpak na iambil sa katayuan ko ngayon sa pamahalaang nakatayo. Gaya ng naitala ko na, ay lumabas na lamang sa mga pahayagan ang pangalan ko na isa sa mga bubuo ng tinatawag ngayong Lupong Sanggunian sa Paggawa at noong ika-28 ng nakaraang Abril (ika-5 ngayon ng Mayo ng 1943) kaming lahat na magkakasama sa lupon, matangi si Rafael Corpus na noo'y nasa kanyang lalawigang Sambales at si Isidro Vamenta na hindi diumano napagpasabihan; ay isinama ni G. Emiliano T. Tirona, kasalukuyang tagapamahal ng Kawanihan ng Hanapbuhay, sa tanggapan ni G. Vargas, upang maghandog dito ng bati at paggalang dahil sa aming pagkakalagay sa tinurang Lupon.

Kinailangan ko ang lubusang pagpilit sa aking sarili upang maluwag na sumama sa gayong lakad. Ang pinapakay sa pagkakatayo ng lupon ay mabuti at ang gawaing sa kanya'y iniaatang ay karapat-dapat sa lalong mabibisang punyagi, palibhasa ang kapalaran ng manggagawa, sa alinmang panahon at sa anomang pagkakataon, ay dapat pagsikapang mapawasto at mapapanatiling matatag. Kung baga sa pisi, ang bahaging nauukol sa manggagawa, ay siyang may gisi, at ang pangangalaga upang huwag malagot ay kailangan ngang maging palagian at masinop; nguni't naisasaloob ko naman na tila hindi ngayon, na ang mga tauhan ng hukbong hapon ay nakapakikialam sa lahat ng bagay, kaya siking-siki at napakagipit ang katayuan ng mga Kagawaran at Kawanihan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, hanggang sa nangyayari nga tuloy na sa pagtataka ng mamamayan sa maraming mga tiwaling utos, ang mga pinuno ay walang naipapakli, kung nangapipilitang magtapat, kundi gayon nga sapagka't siyang ibig ng hapon; ang pagsasagawa ng ganitong pangangalaga. May kawanihan na rin lamang ng Hanapbuhay ay sapat na sana muna ito at huwag nang dagdagan pa ng panibagong sangay na maaaring ikapaniwala ng manggagawa na may mapapakinabang siya sa pagkakapaglagay ng Lupon sa ganitong katayuan, gayong ang katunayan, ito ay magiging pandagdag lamang sa ningning nguni't walang maipupuno sa liwanag, ibig kong sabihi'y magkakanyo ng lalon matikas an pangangalaga ng pamahalaang ito ngayon sa mga manggagawa, lalong kikisig ang tindig at tila may malayong maaabot, nguni't hanggang diyan na lamang. Ang butil na nakabubusog, ang mga karapatang ikatitibay ng tayo ng manggagawa, ay hindi makukuha at hindi matatamo sapagka't katulad din ng alinmang halaman na upang gumanda at magbungang mabuti, ay kailangang makatapat ng kinababagayang lupa, ang mga karapatan ng manggagawa ay naibibigay lamang ng mga pamahalaang napakikialaman ng mga mamamayan sa paghahalal ng nagsisipamuno, ng mga pamahalaang hindi makahari at tunay na nasasalig sa pagkakapantay-pantay ng lahat.

Humigit-kumulang, nguni't sa iba nga lamang paraan ng pananalita na may kahalo nang pag-ingat, palibhasa'y napakaselang na panahon ito sa mga pagtatapat na nanggagaling sa puso, ay ganyang ang aking sinabi sa umpukan naming magkakasama samantalang naghihintay sa Kawanihan ng Hanap buhay noon ngang umaga ng ika-28 ng Abril, ng sandaling aming itutungo sa Malakanyang; at isa sa mga Kagawad ng Lupon, si G. Turiano Santiago, ang sumagot sa akin, na wala mang magawa sakali ang Lupon ay di naman dapat ipalagay na siya'y nabigo, sapagka't gayong talaga ang sukat mangyari sa ilalim ng mga pamahalaang makahari. Ang kailanga'y itulak, kahi't paano, ang usaping manggagawa at magbakasakali.

—Hindi kaya ang lalong tumpak, ang lalong marangal at wasto, ay magbitiw tayo kung magdanas ng isang pagkabigong bunga, hindi ng kawalang-muwang, kundi ng pagpapakahari ng mga hahatol sa ating mga tagubilin? —ang naipakli ko sa kanya.


Ang sagot ng kausap ko'y hindi ko na nahintay sapagka't isa sa mga kaharap, si Domingo Ponce, ang tumawag sa akin ng bukod at pinagpaalalahanan ako na baka sa mga ibang kaharap ay may sino mang malapad ang taynga.


Sa bulwagan ng Consejo de Estado sa Malakanyang, isang bahagi ng tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, na hindi miminsan kong natuntungan noong mga nakaraang araw dahil sa pagtupad ko ng aking tungkulin at samantalang naghihintay ng patawag ni G. Vargas na siya na palang gumagamit ngayon ng sadyang tanggapan ni G. Quezon, ay nangyari ang unang suliranin sa bagong katungkulang kaloob sa akin, sa mga panahong ito. Palibhasa'y ako ang nauuna sa talaan ng mga kagawad ng Lupon, ay ibig ng mga kasama kong ako ang kanilang maging bibig sa pagpapahayag kay G. Vargas ng pasasalamat di-umano dahil sa pagkakahirang sa amin, at sapagka't ang totoo, sa ganang akin, ang gayo'y isang paggipit na di dapat ikatuwa; ay tinanggihan kong magsalita, na ang sinamantala ko'y ang pagkapabilang ng isang babae sa Lupon, na aniko'y dapat papurihan at siyang papagsalitain sa pangalan ng mga kaharap. At pagpipitagan palibhasa sa babae ang pinanghawakan ko ay pumayag sila; kaya't si aling Josefa Escoda Llanes ang siyang nagsalita nang kausap na kami ni G. Vargas. Hindi naman nagtagal nang gaano ang pagkakatanggap sa amin at hindi naman kami nanumpa. Kanyang sinamantala ang pagkakataon upang minsan pang ipairala, ang kahalagahan sa buhay at kapalaran ng manggagawa, ng Lupong napatayo, at nabanggit pa niyang marahil ang Lupon ay hingan ng mga balak na kautusan ukol sa paggawa, na dapat pairalin ngayon. Pagkatapos ng pag-uusap at nang nagsisilabas na ang aking mga kasama, ako ay sadyang nagpaiwan at ibig kong makausap, hindi ang Pangulo ngayon ng Pamahalaan, kundi ang kaibigang Jorge, na dating kasama at kapalagayang loob. **(ITUTULOY)**

Isang treng pampasahero na buong tuling tumatakbo ang sinamang-palad na nalinsad sa riles at nahulog sa lansangan sa dakong ibaba ng daang-bakal. Nawasak ang ilang kotse sa unahan na siyang ikinasawi ng mahigit sa 80 pasahero at ipinagkasugat nang malubha nang marami. Ang malaking sakuna na nagsabog ng lagim ay naganap kamakailan sa New Jersey, Estados Unidos. (International News Soundphoto.)

Ang larawan sa ibaba ay maipagkakamali sa isang malaking sunog o pagngangalit ng isang maunos na panahon. Nguni't hindi... iyan ang naging tanawin sa Las Vegas, Nevada, nang ganapin kamakailan sa may labas ng naturang lunsod ang ikalimang pagsubok sa lakas ng bomba atomika Nayanig ang buong paligid sa layong may ilang milya at nagliwanag ang papawirin na tila nalaganapan ng pumailanglang na apoy. (INP Soundphoto.)







# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY

**PAHALANG**

1. Haplos
6. Upli
10. Lipi
14. Pandak na tao
15. Munting lupaing naliligid ng dagat
16. Pinag-isa (iniklian)
17. Hina
18. Huwag dalhin
19. Linlang
20. Sampung manampu
21. Hinay
22. Guhit sa mukha
23. Banal na lunsod (kinaltas ang unang titik)
24. Umang
25. Pagkawala ng pandamdam (unang pantig)
26. Naging makati
28. Gobernador ng Kotabato
32. Pangalang lalaki
33. Aglahi
34. Palasak sa may masamang gawa o taong manluloko
37. Hanapin ang mabuti
38. Asuncion
39. Mapinsala
41. Pinuno ng estado mayor ng hukbo ng EU
43. Ipinagdala, buhat sa lalagyan
47. Ilaw ng tahanan
48. Ligid
49. Bulyaw (huling pantig)
50. **Sulsi**
53. **Tuwid**
54. **Bitbit**
55. Pulo
56. Butong-**gulay**
57. Giit
58. May-bahay ni kapitan Tiago sa Noli
59. Sandatang binibinit
60. Pangalang babae
61. **Akma**
62. Hingi o nabahagi
63. Sana




**PABABA**

1. Isang bundok sa matandang Palestina
2. Ninong
3. Walang bigat
4. Karamdaman sa balat
5. Tanyag na bituing babae ng LVN
6. Dinala sa kulungan
7. 800 taong siyudad sa Korea
8. Bambang
9. Hulugan ng sulat (huling **pantig**)
11. Salamin ng kalooban
12. Bigkis ng palay
13. **Palayaw ng tanging senadora**
19. Lalagyan ng tinta
21. Iutos
22. Lukso
24. Bantog na birtuosong italyano
25. Nota ng musika
27. Panggatong sa motor
28. Banal na kataga (iniklian)
29. Siyasat (kinaltas ang huling titik)
30. Iyon din (kinaltas ang unang titik)
31. Pangalang Intsik
34. Ba... (transportasyong pahilaga)
35. Tsok (kinaltas ang unang titik)
36. Panggadgad ng bakal (huling pantig)
37. Sukol
38. Pantitik sa unahang pangalan ng bapor
40. Pangatlo sa piso noong panahon ng kastila
42. Katagang pang-abay
44. Sulutan ng botones
45. Makabayang gobernador ng Bulakan
46. Dagdagan ng asin
48. Anong ginawa
50. Pagdiin sa teklado
51. Lasa ng kamyas
52. Parapin sa kamay ng boksingero
53. Tudyo
54. Meme
56. Sisidlan ng sorbetes
57. Bagal (huling pantig)

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot Sa Nakaraan



## Mga nanalo sa Palaisipan noong Marso 4

1. *Feliciana Fernando* — c/o A. Soriano y Cia., Maynila
2. *Florencio Canlapan* — 273 Sta. Maria, Tundo, Maynila
3. *Isabelita K. Flores* — Sto. Angel, Sta. Cruz, Laguna
4. *Alfredo de Guzman* — Pinaod, San Ildefonso, Bulakan
5. *Fausto Quing* — Sta. Cruz, Marinduque

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panglinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng *PALAISIPAN* ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa *PALAISIPAN* na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)



## Ang Sakit...

(Karugtong ng nasa pahina 12)

—Himala naman iyan! Kung walang kumuha, e bakit mawawala?

—Ang tatay kita ko. Kuha siya, bago tapon sa bintana. Sa ilog, —ang sumagot ay ang kanilang anak na nakikinig pala noon.

—Sinungaling ang batang ito a! —galit na galit na wika ni mang Desto sa anak. —Bakit ko itatapon iyon? Babanatan kita a! —patuloy pa niya na kung hindi naharang ni aling Pila ay tatampalin sana ang bata.

—Huwag! Bakit mo kagagalitan ang bata? Ano ang malay niyan!

—Talagang papaluin ko siya! Ayaw ko ng batang sinungaling. Ke liit-liit pa ng batang iyan ay marunong nang maglikaw-likaw ng mga salita. Sa lahat nang ayaw ko'y ang ganyang bata!

—Oo nga, pero ang anak mo'y wala pang bait... Siya, kung wala ay wala! Limutin na natin iyan.

Masakit man sa loob ni aling Pila ang pagkawalang iyon ng busto ni Balagtas ay unti-unti na rin niyang nalilimot iyon, sapagka't ang nakapangingibabaw sa kanya'y ang katuwaan dahil sa tuluyan nang paggaling ni mang Desto. Ang pinagpaparuunan niya'y malakas lamang si mang Desto'y maaari pa uli iyong magtagumpay at maaaring higit pa sa busto ni Balagtas na iyon ang maging gantimpala niya sa mga darating pang araw.

Datapwa, hindi inaasaha'y nabalik na muli ang busto ni Balagtas. Nakuha iyon ng ilang batang malilikot na naglalaro sa katapat nilang maburak na ilog.

Tuwang-tuwa si aling Pila. Muli niyang inayos iyon sa dating pedestal. Ang wika niya'y pihong magugulat si mang Desto pag-uwi niyon ng bahay.

Nguni't nang dumating si mang Desto'y hindi niya napansin. Nakita na lamang iyong pumapasok na sa aklatan, kaya marahan siyang sumunod upang subukan kung ano ang gagawin pagkakita sa busto.

Kitang-kita ni aling Pila na si mang Desto'y biglang napaudlot pagkakita sa bustong iyon. Halatang-halata niyang iyon ay natakot, pagka't ilang saglit ding natigilang parang nasisilaw sa malakas na liwanag.

Dahan-dahang nilapitan ni mang Desto ang busto. Binuhat niya iyon at nagmamadaling inihagis sa bintanang katapat ng ilog.

Si aling Pila'y biglang napahiyaw nang malakas sa nakitang ginawa ni mang Desto. Hindi niya madalumat kung anong dahilan at ginawa iyon ng kanyang asawa.

—Bakit, Desto? Bakit mo itinapon ang busto ni Balagtas? —sunud-sunod na tanong ni aling Pila habang pasugod na lumalapit kay mang Desto.

Si Mang Desto'y parang nakatukang ahas. Pagkarinig sa malakas na hiyaw ni aling Pila, ay hindi man lamang nakahuma o kaya'y lumingon man lamang.

—Pila, patawarin mo ako! — wika ni mang Desto makaraan ang ilang sandali. — Huwag ka na sanang maingay kung maaari. Nalalaman kong ako'y iyong minamahal, kaya pagtakpan mo na ang malaking kahihiyang aking nagawa!

—Hindi kita maunawaan, Desto! Ano ang ibig mong sabihin?

—Ang bustong iyon ay itinapon ko, pagka't ako'y pinagmumultuhan! Iyan ang naging dahilan ng aking pagkakasakit. Gabi-gabi'y ayaw akong patulugin ni Balagtas. Ako'y kanyang sinasakal.

Walang kakibu-kibo si aling Pila, nguni't sa kanyang mukha'y mababakas ang malaking pagkamangha sa ipinagtatapat ng asawa..

—Hindi mo nalalaman, Pila —patuloy ni mang Desto —ang pagkakasala kong nagawa. Ang bustong iyon ni Balagtas ay hindi sa mabuting paraan ko natamo... Sinuhulan ko lamang ang mga hurado... at, mula noon, hindi na ako pinatulog ni Balagtas. Bumababa siya sa pedestal at ako'y kanyang sinasakal! Oo, sinasakal niya ako hanggang sa lumawit ang aking dila! ... Patawarin mo ako, Pila, sa pagkukulang kong nagawa pati sa iyo. Hindi ko akalaing gayon ang mangyayari sa akin.

—Ngayon lamang kita naunawaan, Desto, —mabanayad na wika ni aling Pila. —Yamang wala na ang bustong iyon, ay limutin mo na ang nangyari. Aanhin ko pa ang bustong iyon kung ang makakapalit naman ay ikaw! Huwag ka na lamang magkasakit ay payag na akong magkadurug-durog at maging abo iyon sa ilalim ng ilog (X)


Strikingly BEAUTIFUL



LADY de LUXE

17-& 21 JEWELS


Sold at leading Jewelers



Upang pag-ukulan ng pagtitiwala
Upang makatiyak ng pananalig
Upang makamit ang paniniwala...

Lubos na Pagkalinga . . .
para sa inyong sarili
Para sa inyong mga kawani
Para sa lahat ng umaasa sa inyo...
o kaya'y sa inaasahan ninyo!

Sa Fidelity and Surety Bonds:
Firearm Bonds ● Contractors' Bonds
Performance Bonds ● Judicial Bonds



The Philippine Guaranty Company, Inc.

Capital-Fully Paid: ₱1,500,000 ● Total Assets: ₱4,446,983.90

FIRE, MARINE, MOTOR CAR, MORTGAGE LOANS



MISCELLANEOUS INSURANCE, FIDELITY SURETY BONDS.

3RD FLOOR • INSULAR LIFE BUILDING • PLAZA CERVANTES • MANILA • PHONE 2-81-18

SANGAY NA TANGGAPAN SA SIUDAD NG SEBU O MGA AHENSIA SA BUONG PILIPINAS

# Isang kabigha-bighaning kutis!




Jewels—Heacock's

ANANG MARIKIT NA SI ESTER DE JESUS

## "Lagi akong gumagamit ng Camay"

"Ang Camay ay kahanga-hanga! Sa aking unang pastilya ng Camay, natuklasan kong ito'y tunay na nagpaparilag. Kayat Camay ang lagi kong ginagamit. Ang isang bituin sa puting tabing ay hindi mananatili sa pagkabituin hangga't hindi siya pananatilihin ang kakinisan at kaningningan ng kanyang kutis."

SA INYONG UNANG PASTILYA NG CAMAY — Kayo ay hahanga sa isang kutis na malambot at mabango tulad ng talulot ng isang bulaklak. Kayat magtamasa na ngayon ng kaibig-ibig na kutis na "tulad ng sa mga bituin sa puting tabing" ... na likha ng marangya, kaiga-igayang pinabanguhang bula ng Camay at mag-ibayo ang inyong karilagan. Ang Camay ay matipid pa rin.




ITINATANGI NG MGA BITUIN

CAMAY

*Ang Sabon ng Kagandahan*

**CAMAY PATI SA PALILIGO**

Paggamit ninyo ng Camay sa paliligo, masdan kung gaano katagal kayo binabalot ng nakabibighaning halimuyak. . . mahinhing halimuyak na naka-aakit sa kalalakihan.

